



Canada Day 2021 sa Brampton sa panahon ng pandemya ng COVID-19

BRAMPTON, ON (Hunyo 28, 2021) – Magaganap ang Canada Day sa Huwebes, Hulyo 1. Narito ang kailangan mong malaman tungkol sa mga serbisyo ng Lungsod ng Brampton sa araw na iyon.

Ang lahat ng napakahalaga at kritikal na mga serbisyo, kabilang ang Fire and Emergency Services, Traffic Services, By-Law Enforcement, Road Operations at Security Services ay patuloy na tatakbo tulad nang dati para suportahan ang komunidad.

Maaaring tumawag ang mga residente sa 311 o 905.874.2000 (labas ng Brampton), gamitin ang Brampton 311 app (available sa App Store o Google Play), bisitahin ang www.311brampton.ca o mag-email sa 311@brampton.ca para sa anumang mga tanong. Available kami 24/7 para sa anumang mga usapin sa Lungsod ng Brampton o sa Rehiyon ng Peel. Para sa mga tanong kaugnay ng COVID-19, bisitahin ang www.brampton.ca/covid19.

Kaligtasan sa Fireworks

Ang Canada Day ay isa sa apat na araw bawat taon kung kailan pinapayagan ang short-range fireworks sa pribadong ari-arian, nang hindi na nangangailangan ng permit, sa Brampton, sa Brampton. Sa ilalim ng ordinansa, pinapayagan din ang fireworks sa Victoria Day, Diwali, at sa Bisperas ng Bagong Taon.

Ang short-range fireworks ay pinapayagan kaayon sa Ordinansa sa Fireworks. Ang mga short-range fireworks ay ang mga fireworks na hindi aabot sa tatlong metro (10 piye) kapag pinaputok (hal. fountains, wheels, ground spinners, sparklers). Hindi pinapayagan sa Brampton ang lahat ng iba pang rocket-style fireworks. Pinaalalahanan ng Lungsod ang mga residente na hindi pinapayagan ang fireworks sa kalye, mga bangketa, sa loob ng mga parke ng Lungsod, o sa iba pang mga ari-arian ng munisipyo o paaralan.

Kapag gumagamit ng short-range fireworks sa pribadong ari-arian, kailangang sundin ng mga residente ang mga pangkaligtasang pag-iingat na ito:

- Maghanda ng container ng tubig o isang hose line na puno ng tubig para apulain ang fireworks.
- Huwag na huwag sindihan ang firework o hawakan ang sinindihang firework sa inyong kamay, maliban ang isang sparkler.
- Huwag na huwag itapon o i-asinta ang fireworks sa ibang mga tao.
- Matapos gamitin ang sparklers, ilagay ang mga ito sa isang container ng tubig para ganap na lumamig bago itapon.
- Hayaang ganap na lumamig ang lahat ng fireworks bago itapon.



Para sa karagdagang pangkaligtasang mga tip, bisitahin ang www.brampton.ca/fireworks.

Bawat taon, ang mga fireworks vendor ay kinakailangang sasailalim sa pagsasanay ng Lungsod bago sila malisensyahan na magbenta ng fireworks. Nag-aalok ang Lungsod ng online na pagsasanay sa mga vendor. Walang mga lisensya sa fireworks ang inisyu para sa Canada Day. Kung makakakita ang mga residente ng mga firework na ibinibenta sa mga tindahan o saan pa man sa Brampton, hinihiling sila na magsumbong sa Service Brampton sa pamamagitan ng Brampton 311 mobile app, [online](#), o sa pamamagitan ng pagtawag sa 311.

Brampton Transit

Tatakbo ang Brampton Transit sa iskedyul sa Linggo/Holiday sa Araw ng Canada, na ma ilang kanseladong ruta. Ang sumusunod na mga ruta ay maglilingkod:

- 501 Züm Queen
- 502 Züm Main
- 505 Züm Bovaird
- 511 Züm Steeles
- 1 Queen
- 2 Main
- 3 McLaughlin
- 4 Chinguacousy
- 5 Bovaird
- 7 Kennedy
- 8 Centre
- 11 Steeles
- 14 Torbram
- 15 Bramalea
- 18 Dixie
- 23 Sandalwood
- 29 Williams
- 30 Airport Road
- 35 Clarkway
- 50 Gore Road
- 52 McMurphy
- 53 Ray Lawson
- 56 Kingknoll
- 57 Charolais



- 115 Pearson Airport Express

Ang mga counter ng Customer Service sa mga terminal ay sarado sa Canada Day. Pwedeng tawagan ang Contact Centre para makatulong mula 9 AM hanggang 6 PM sa Canada Day. Para sa karagdagang impormasyon, tawagan ang Contact Centre sa 905.874.2999 o bisitahin ang www.bramptontransit.com.

Ang dinagdagang iskedyul ng paglilinis at pag-sanitize ay nananatiling ginagawa. Layunin ng Brampton Transit na i-disinfect ang lahat ng matitigas na mga ibabaw, mga compartment at upuan ng operator kada 48 oras. Ang karamihan sa mga bus ay sina-sanitize bawat 24 oras. Ang mga pasilidad at mga terminal na may matitigas na mga ibabaw ay pinupunasan at sina-sanitize araw-araw.

Hinihikayat ng Lungsod ang mga rider na patuloy na lumayo mula sa iba sa mga terminal, at mga bus stop, kahit na nagsusuot ng mask, hangga't maaari. Pinaalalahanan din ang mga rider na magdala ng kanilang sariling personal disinfectant habang nagbibiyaha, tulad ng hand sanitizer o wipes, madalas na maghugas ng kanilang mga kamay, at umubo o bumahing sa kanilang siko. Kung may sakit, pakiiwasan ang pagsakay sa transit, magpa-test sa pinakamalapit na COVID-19 assessment site at sundin ang mga tagubilin ng public health.

Bisitahin ang www.brampton.ca/COVID19 para sa regular na mga update at bisitahin ang www.bramptontransit.com o sundan ang [@bramptontransit](https://twitter.com/bramptontransit) sa Twitter para sa mga update sa serbisyo. Ang mga tanong ay maaaring ipaabot sa Brampton Transit's Contact Centre sa 905.874.2999.

Mga Parke ng Brampton

Ang lahat ng panlibangang mga trail, playground, at parke ng Brampton, kabilang ang mga parke ng mga asong walang tali, ay bukas para sa Canada Day. Mahalaga ang pisikal na aktibidad para sa kalusugan at kabutihan ng lahat. – kung bumibisita ka sa mga parke sa Brampton, pakitandaan na ang outdoor na pagtitipon-tipon ay limitado sa 10 tao. Bisitahin ang www.brampton.ca/parks para matuklasan ang ating mga parke at trail.

Brampton Recreation

Para sa impormasyon tungkol sa mga outdoor na amenidad para ligtas na mag-enjoy kasama ang iyong pamilya, kabilang ang libreng fitness sa park classes at outdoor splash pads, bisitahin ang www.brampton.ca/summerfun.

Ang mga Recreation Centre ng Lungsod ng Brampton ay pansamantalang sarado bilang tugon sa mga panlalawigang pamamaraan sa lockdown sa COVID-19. Para sa impormasyon tungkol sa mga birtwal na programa at serbisyo, bisitahin ang www.brampton.ca/recathome.

Brampton Library

Ang lahat ng sangay ng Brampton Library ay mananatiling sarado sa Canada Day.

Bisitahin ang [Brampton Library website](#) anumang oras para matuklasan ang [online na paghihiram](#) at access sa [eBooks](#), [eAudiobooks](#), [TV at Movie streaming](#), [online learning](#), [arts at mga tagubilin sa mga craft](#), at marami pa, lahat libre gamit ang iyong library card.



[Para makakuha ng Brampton Library card, paki-click dito.](#) Mag-enjoy sa flexible na pagsasauli ng iyong mga hiniram na babasahin sa pamamagitan ng 24-oras na external drop boxes sa lahat ng sangay. Mag-register t planuhin na dumalo sa aming mga birtwal na programa sa [Calendar of Events](#) at mag-enjoy sa mga video, kabilang ang lingguhang [birtwal na mga storytimes](#) sa YouTube page ng Brampton Library.

Manatili tayong konektado! [Mag-subscribe sa aming email updates at newsletters](#) at sundam kami sa [Facebook](#), [Twitter](#), [Instagram](#), [LinkedIn](#) at [YouTube](#).

Ikinagagalak na kumpirmahin ng Brampton Library na ang Four Corners, Chinguacousy, at Springdale Branches nito ay muling nagbukas para sa limitadong mga serbisyo. Ang Cyril Clark, Gore Meadows, Mount Pleasant Village, South Fletcher's at South West Branch Libraries ay patuloy na nag-aalok ng Curbside Pickup. Para sa mga detalye, [pakibisita ang aming website](#). Inaasahan naming na Makita ka malapit na.

Mga Serbisyo sa Hayop ng Brampton

Ang Brampton Animal Shelter ay sarado sa Canada Day.

Ang Animal Control ay nasa daan sa Lunes hanggang Biyernes mula 7 am hanggang 10 pm at sa Sabado at Linggo at mga holiday mula 8 am hanggang 6:30 pm, at tutugon lamang para sa sumusunod na mga tawag:

- Pag-pick up ng may-sakit/nasaktan/agresibong pambahay na mga hayop at hayop-gubat
- Agresibong hayop
- Asong tumakbo na hindi pa natagpuan
- Imbestigasyon sa kagat ng aso
- Pag-pick up ng naka-confine na asong-gala
- Pag-pick up ng patay na hayop

Sa labas ng mga oras na ito, ang Animal Control ay tutugon lamang sa mga emergency.

Mga Paalala ng Peel Public Health para sa Canada Day

Sundin ang mga pamamamaraan ng public health para protektahan ang iyong sarili at ang iba mula sa COVID-19:

- Sundin ang mga panlalawigang gabay para sa mga pagtitipon na indoor at outdoor, habang pinanatili ang pisikal na distansya sa pagitan ng mga miyembro ng iba't ibang mga sambahayan.
- Kung kailangan mong makihalubilo sa mga hindi kasama ng iyong sambahayan, isagawa ang mga Buod na Apat na aksyon:
 - Panatilihin ang pisikal na distansya na 2 metro
 - Magsuot ng mask
 - Madalas na maghugas ng mga kamay
 - Manatili sa bahay kung may sakit

- Limitahan ang malapit na kontak sa mga taong kasama mong naninirahan at sa iyong napakahalagang mga suporta (tulad ng mga tagapag-alaga).
- Manatili sa bahay kapag may-sakit, kahit na may mild na mga sintomas.

-30-

**KONTAK NG MEDIA NG LUNGSOD NG
BRAMPTON**

Monika Duggal

Coordinator, Media at Pakikilahok sa Komunidad
Strategic na Komunikasyon

Lungsod ng Brampton

905-874-3426 | Monika.Duggal@brampton.ca

KONTAK NG MEDIA NG REHIYON NG PEEL

Ashleigh Hawkins

Communications Specialist – Public Health

Rehiyon ng Peel

416.818.4421 | ashleigh.hawkins@peelregion.ca